**Umaapaw na Pagpapala**
(2 Mga Hari 4:1-7)



Noong unang panahon, sa lupain ng Israel, may isang lalaki na nagngangalang Elisha. Si Elisha ay pinili ng Diyos upang maging propeta. Ang propeta ay isang espesyal na tao na naghahatid ng mensahe ng Diyos para sa tao at gumagawa ng mga kamangha-manghang himala. Nang si Elijah, ang dakilang propeta, ay dinala sa langit sa pamamagitan ng isang ipuipo, si Elisha ang pumalit sa kanyang tungkulin. Gumawa siya ng maraming himala, na nagpapakita ng kapangyarihan at habag ng Diyos.

Isang araw, isang biyuda ng isang lalaking mula sa samahan ng mga propeta ang lumapit kay Elisha na puno ng kalungkutan. Ang kanyang asawa, na tapat na naglingkod sa Panginoon, ay namatay na, at mayroon siyang pagkakautang na hindi nabayaran. Ang mga pinagkakautangan ay darating upang kunin ang kanyang dalawang anak na lalaki at gagawing alipin bilang kabayaran ng kanyang utang. Walang siyang ibang malapitan, kaya't siya ay humingi ng tulong kay Elisha.

Pinakinggan ni Elisha ang kanyang problema at nagtanong, "Paano kita matutulungan? Sabihin mo sa akin, ano ang mayroon ka sa iyong bahay?"

"Ang iyong lingkod ay walang anuman sa bahay maliban sa isang maliit na lalagyang may langis", ang sagot ng biyuda.

Sinabi ni Elisha sa kanya na humiram siya ng mga walang laman na lalagyan ng langis mula sa kanyang mga kapitbahay. "Huwag kang manghiram ng kaunti lamang," utos niya. "Pagkatapos, pumasok ka sa loob ng iyong bahay kasama ang iyong mga anak at isara ang pinto. Ibuhos mo ang langis sa lahat ng lalagyan at itabi ang bawat isang mapupuno."

Ginawa ng biyuda ang eksaktong itinuro ni Elisha. Siya at ang kanyang mga anak ay nanghiram ng mga lalagyan mula sa kanilang mga kapitbahay at dinala ang mga ito sa loob ng kanilang bahay. Nagsimula siyang ibuhos ang langis mula sa kanyang maliit na lalagyan sa unang garapon, at sa kanyang pagkamangha, patuloy na umaagos ang langis. Napuno niya ang isang garapon, tapos isa pa, at isa pa. Napuno ang lahat ng garapon na kanilang nahiram, at saka lamang tumigil ang pag-agos ng langis.

Bumalik siya kay Elisha at sinabi kung ano ang nangyari. Sinabi ni Elisha, "Humayo ka, ipagbili mo ang langis at bayaran ang iyong mga utang. Ikaw at ang iyong mga anak ay mabubuhay sa natira."

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION INC. • 2015 •

Sa kwentong ito ay ipinakita ng Diyos ang kanyang kapangyarihan, katapatan, pagmamahal at pagliligtas biyuda at kanyang mga anak. Ito ay naranasan nila sa pamamagitan ng kanyang lingkod na si Elisha. Ginamit ng Diyos si Elisha upang ipakita ang Kanyang malasakit at pagbibigay ng pangangailangan ng biyuda ng higit pa sa kanyang inaasahan. Pagpapatunay na ang biyaya ng Diyos uumapaw nang sagana.

